



### Abstract

This piece explores a landscape ravaged by a pandemic and enshrouded in the apathy and callousness of the powers that be. Amidst the bleak scenario, grim humor attempts to point out the failures and find a path toward solutions. Even if the primary solution is to wake up the powers that be.



### Keywords

Pasaway (contrary), ayuda (help), palasyo (palace), payaso (clown), bakuna (vaccine)


### English title

On Being Contrary

# PASAWAY


**MARIA DEL CARMEN R. CASTILLO**

I.
Pasaway ang payaso sa palasyo ng walang pake.
Dumaraing ang mga mamamayan
Habang tuloy-tuloy ang buhay gahaman.

Wala silang problema
Kahit na ang problema ay ang pagkawala.
Walang laman ang mga silyang plastik sa labas ng bahay.
Walang-walang naiaabot sa mga bukas na kamay.
Pahayag ay, “Huwag maging pasaway!”
Ano ’ka mo?
Anong plano?
Paano magbabago
ang pinabayaan?

Walang tulong, ayuda, serbisyo, benepisyo.
Walang kuwenta pera, simpatiya etsapuwera.
Bakit ipinipilit and solusyong maliit
Para sa problemang malaki at ganit na ganit?

II.
Nanlaban daw ang isda nu’ng lumutang na lang sa tubig.
Kahit ipinagmamalaki ang tamang paggamit ng dinamita
Permit
Proseso
(Diyos ko)
“Kailangan sugpuin!”
“Patayin ang masasamang isda!”
Para bagang, bawal mabuhay sa katahimikan ang simpleng isda.
Dinamay ang walang malay
Para lang maibulgar na may ginagawa.
Ang galing nila.
Tagapagtanggol daw ng madla.
Tama ba?
Hindi.
Tuloy-tuloy namamatay ang mga isda.

III.
Ang mga salitang marupok
na nanggaling sa tulog na bibig
Hoy!
Makinig
ka naman.

IV.
Palangoy-langoy ang mga isda
Nang biglang may sumigaw,
"Kulay pula! Kulay pula!"
Ano daw?
Aba!
Bagong kulay
inialay
Sa kabaong inihanda ng matanda
Na paiyak-iyak,
    pahalik-halik sa lupang hinirang,
    Pahipo-hipo sa kababaihang
                                        Mistulang binababoy
Kasi
Kasi
Matuto na tayo,
Ang importante ay magpatawa
Kaysa maging mapagkawanggawa.

V.
Ang Kamatayan ay tuwang-tuwa
Habang ang matanda ay tulog nang tulog
kaysa tulong nang tulong
"Aantayin ko lang
at lahat ng kaluluwa ay mapupunta sa akin."
(Kahit hindi ako kumilos)
"Salamat, payaso!
Ang husay mong kasabwat!"

Iwagayway ang watawat
Why not, choc-nut?
Sana may matira pang tao
Para sa bakunang ipinangako

na solusyon
Demonstrasyon
ng baliw na paniniwala.
Huwag kumilos hanggang walang bakuna,
Ang totoo ay dagsakang gutom at sakuna.

VI.
Ang payaso at ang kanyang sirko
Kaliwa o kanan
Taas o baba
Bukas o sarado
Ano ba talaga ang plano?

Sa mga oras ng panganib,
May batang hindi na makatulog sa gutom.
May magulang na hindi na makatulog sa takot.
May doktor na hindi na makatulog sa pagod.

"Buhay pa kaya ako bukas?"

Pasaway ang payaso sa palasyo ng walang pake
At tulog
Tulog na tulog
Durog na durog
Bugbog na bugbog
Pakiusog
nga
Ang pasaway.